ORDINANCE NO. 96-05-095

NAGPAPATAW NG MGA KAUKULANG BUWIS SA MGA PATANIMAN NG TAMBALANG (SEAWEEDS) SA PAMBAYANG KARAGATAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO

May-akda: Kgg. Juan L. Salas
Pangalawang may-akda: Kgg. Oscar C. Familara

ITINATADHANA ng Sangguniang Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro:

SEKSIYON 1. Walang sinuman ang maaaring magtanim ng tambalang (seaweeds) sa pambayang karagatan ng Bulalacao, Silangang Mindoro nang walang kaukulang pahintulot (Permit) mula sa Punong Bayan at makapagbayad ng mga kaukulang bayarin gaya ng mga sumusunod:

A. Application Fee . . . . ₱ 25.00

B. Mayor's Permit . . . . 00.25¢ per sq.meter

SEKSIYON 2. Ang mga bayaring ipinatutupad sa ilalim ng kautusanf ito ay sisingilin ng at babayaran sa Pambayang Ingat-Yaman.

SEKSIYON 3. Lahat ng mga kautusang kasalungat nito ay pinawaealan na ng bisa.

SEKSIYON 4. Anumang paglabag sa kautusang ito ay papatawan ng multa na hindi bababa sa Limang Daang Piso (₱500.00) subalit hindi tataas sa Dalawang Libo at Limang Daang Piso (₱2,500.00) at mabibilanggo ng hindi bababa sa isang buwan (1) ngunit hindi lalagpas ng anim na buwan (6) o alinman sa pagmumulta o pamimilanggo alinsunod sa kapasyahan ng Hukuman.

SEKSIYON 5. Ang kautusang ito ay magkakabisa sampung (10) araw matapos mapagtibay at maipabatid sa taumbayan.

ISINABATAS ngayong ika-27 ng Mayo, 1996. ----------------------------------

NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:

SIXTO O. BARRIENTOS
Kalihim ng Sanggunian

Scanned with CamScanner